San Francisco Department of Public Health

Impormasyon

Pagpunta sa Dentista sa panahon ng COVID-19
Impormasyon para sa Mga Pasyente

Hulyo 10, 2020

Ligtas bang magpatingin sa dentista?

- Dapat sundin ng mga opisina ng dentista ang mga panuntunan ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (SF Department of Public Health) na nagpoprotekta sa mga pasyente at tauhan.
- Dapat suriin ng lahat ng tauhan ang kanilang mga sarili araw-araw bago magtrabaho, at hindi sila dapat pumasok sa trabaho kung nagpositibo sila sa COVID-19, may mga sintomas ng COVID-19, o nagkaroon ng malapit na contact sa isang taong may COVID-19.
- Ang lahat ng pasyente at bisita ay dapat tanungin tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 bago bumisita sa opisina ng dentista. Tingnan ang "Ano ang puwede kong asahan kapag dumating ako sa opisina ng dentista? (What can I expect when I arrive at the dentist office?)"
- Dapat lagyan ng espasyo ng mga opisina ng dentista ang mga appointment para maiwasan ang pagkakaroon ng maraming tao sa mga waiting room at mapigilan ang mga matagal na paghihintay.
- Dapat magsuot ang mga pasyente ng facemask maliban na lang kapag kumukuha ng paggamot sa ngipin, at dapat silang sumunod sa mga panuntunan ng social distancing sa mga lugar ng paghihintay at paggamot.
- Ang mga dentista, hygienist, at assistant ay dapat magsuot ng mga facemask, face shield, o goggles, at gumamit ng iba pang kagamitang pang-iwas sa impeksyon kapag gumagamot ng mga pasyente.
- Ang mga opisina ng dentista ay inaatasang sumunod sa mahihigpit na alituntunin hinggil sa pag-disinfect sa mga kagamitan, supply, banyo, lugar ng paghihintay, at anumang iba pang surface kung saan puwede kang magkaroon ng contact.

Ano ang dapat kong gawin bago ako magpatingin sa dentista?

- Kapag magpapaiskedyul ng appointment, sabihin sa opisina ng dentista ang dahilan ng iyong pagbisita at kung gaano kaagaran ito para makapaghanda sila para sa iyong pagbisita. Kung ang appointment ay para sa iyong anak, itanong sa kanila kung ano ang dapat asahan ng iyong anak. Para matulungan mo ang iyong anak na maghanda at para mas hindi siya maging takot o nag-aalala
    - **Posibleng hilingin sa iyo ng opisina ng dentista na magpasuri para sa COVID-19 bago ka magpaiskedyul ng appointment. Dedepende ito sa dahilan para sa pagbisita sa dentista.**
- Bago bumisita sa opisina ng dentista, tatanungin ang lahat ng pasyente at bisita kung nagpositibo sila para sa COVID-19, kung mayroon silang sintomas ng COVID-19, o kung nagkaroon sila ng malapit na contact sa isang taong may COVID-19.
    - **Kung mayroon kang lagnat na sa tingin mo ay dulot ng problema sa ngipin, sabihin ito sa opisina ng dentista bago ang iyong appointment. Posibleng sabihin sa iyong magpasuri para malaman kung COVID-19 ang posibleng nagdudulot ng iyong lagnat.**

- Kung hihilingin sa iyong magpasuri, puwede kang magpa-appointment sa iyong regular na doktor. O kaya, matutulungan ka ng website na ito https://sf.gov/find-out-how-get-tested-coronavirus na maghanap ng iba pang paraan para magpasuri sa San Francisco.
- Puwedeng sabihin sa iyo ng opisina ng dentista na magsama ng ibang tao para ihatid ka sa bahay kung kailangan mong ma-sedate. Isang tao lang ang papayagang sumama sa iyo sa opisina.

Ano ang puwede kong asahan kapag dumating ako sa opisina ng dentista?

- Ikaw, at sinumang bisitang kasama mo, ay dapat magsuot ng facemask sa iyong pagbisita sa dentista, sa waiting area, at sa exam room ng dentista. Puwede mo lang alisin ang iyong mask sa oras ng paggamot sa ngipin. Kung wala kang mask, bibigyan ka ng opisina.
- Kung may linya sa reception desk, tumayo sa mga lugar na may marka sa sahig o pader para makapagpanatili ng ligtas na distansya mula sa ibang pasyente.
- Dapat kang magpanatili ng ligtas na anim na talampakang distansya mula sa ibang pasyente sa waiting room. May espasyo ang mga upuan sa pagitan ng mga ito.
- May banyo para makapaghugas ka ng kamay o mayroon din ditong hand sanitizer.
- Ikaw, at sinumang bisitang kasama mo, ay tatanungin kung mayroon kayong anumang sintomas ng COVID-19 at kukunin ang inyong temperatura para malaman kung mayroon kayong lagnat. Kung mayroon kang mga sintomas, posibleng hilingin sa iyo na umuwi at magpasuri para sa COVID-19.
- Kung mayroon kang lagnat na sa tingin mo ay dulot ng problema sa ngipin, sabihin ito sa tauhan ng opisina ng dentista. Posible ka pa ring payagan na magpatingin sa dentista, o posibleng magpasya ang dentista na iiskedyul ulit ang pagbisita mo sa ibang pagkakataon. Tingnan ang “Ano ang dapat kong gawin bago ako magpatingin sa dentista“ sa itaas.
- Posibleng sabihin sa iyo na magmumog gamit ang maliit na cup ng hydrogen peroxide at tubig sa simula ng iyong appointment.

Ano ang dapat kong asahan sa paggamot sa aking ngipin?

- Ang dentista at mga tauhan ng dentista ay magsusuot ng face mask, guwantes, at face shield or goggle.
- May ilang gawain sa ngipin na nagdudulot ng paglabas ng tubig at laway mula sa bibig ng pasyente. Kung may posibilidad na mangyari ito, posibleng gumamit ang dentista ng espesyal na kagamitan sa oras ng paggamot sa iyong ngipin para mas mapababa ang panganib ng pagkalat ng virus. O kaya, posibleng magpasya ang dentista na pinakamainam na maghintay at magpasuri ka para sa COVID-19 bago isagawa ang iyong paggamot.
- Kapag natapos ang iyong pagbisita, tandaang isuot ang iyong facemask.

Ano ang dapat kong gawin pagkatapos ng aking pagbisita?

- Sundin ang mga direksyon ng iyong dentista.
- Protektahan ang iyong sarili at ang ibang tao mula sa COVID-19 sa pamamagitan ng madalas na paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng facemask sa publiko, at pagpapanatili ng anim na talampakang layo mula sa ibang hindi mo kasama sa bahay.
- Kung magsisimula kang magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19, magpasuri.
- Kung nagpasuri ka para sa COVID-19 sa loob ng dalawang araw mula sa iyong pagbisita, at nagpositibo ka sa pagsusuri (o “may na-detect na COVID-19”), dapat mong sabihan kaagad ang opisina ng dentista mo.